

# Kultura at Wikang Filipino sa mga Facebook Status Update

Asia Pacific Journal of  
Management and Sustainable  
Development  
Vol. 9 No. 1, 134-141  
March 2021

Felisa D. Marbella (PhD)<sup>1</sup>, John Emil D. Estera (MAED)<sup>2</sup>  
Sorsogon State College, Philippines  
felymarbella03@gmail.co1<sup>1</sup> , ako2emil@gmail.com<sup>2</sup>

Date Received: October 18, 2020; Date Revised: February 8, 2021

**Abstract-** This study determined the culture and Filipino Language in Facebook status update in the year 2019-2020. Documentary-analysis were used in the data gathering. Interviewed were conducted on the facebook users using interview scheduled. To determine the data gathered from respondents the researcher employed rubric. Respondents on the study were researcher's facebook friends. The posted on timeline and facebook wall of facebook users for two weeks were the data gathered by the researcher and posted within 1:00 pm to 3:00 pm were only analyzed. On the data gathered, the following were identified: Different Cultures were included on the facebook status posts by teenagers today according to their beliefs, values and attitudes or behavior. The use of language on facebook status are informative, interactional, personal, regulatory, imaginative, heuristic, and instrumental. Most often they use informal degree of language on facebook status. It is recommended that modern technology will be used especially in social media to nurture and enrich Filipino culture. For people to be critical and be responsible on sharing information on facebook, it should be considered that not all ideas and feelings can be shared in social media especially if it is too personal. Careful used of language should be properly observed in expressing feelings and thoughts.

**Keywords:** Behavio, Beliefs, Culture, Degree of Language, Facebook Status Update, Filipino Language, Use of language, Values

**Abstrak-Natiyak sa pag-aaral na ito ang kultura at wikang Filipino sa mga facebook status update, taong 2019-2020. Ginamit ang disenyong dokumentari-analisis sa pagkuha ng mga datos. Nagsagawa rin ng pakikipanayam sa mga taong gumagamit ng facebook gamit ang interbyu iskediyul. Isang rubrik ang ginamit para matukoy ang mga nakuhang dokumento. Ang kalahok sa pag-aaral ay mga kaibigan ng mananaliksik sa facebook. Ang mga nasuring "posts" ay ang nakalathala sa facebook ng mga mananaliksik sa loob lamang ng 2 linggo. Ang posts lamang sa oras ng 1:00-3:00 nh ang sinuri.**

Batay sa nalikom na datos, natuklasan ang mga sumusunod: Iba't ibang kultura ang nakapaloob sa mga facebook status posts ng mga kabataan sa ngayon batay sa paniniwala, pagpapahalaga at pag- uugali o kilos. Ang gamit ng wika sa mga facebook status ay impormatibo, interaksyonal, personal, regulatori, imahinatibo, heuristic at instrumental. Impormal na antas ng wika ang madalas gamitin sa mga facebook status. Inirerekomenda na maging daan ang makabagong teknolohiya lalo na sa social media upang lalong pagtibayin at pagyamanin ang kulturang Filipino. Maging mapanuri at magkaroon ng pananagutan sa mga ibinabahaging mga facebook status at sa iba pang mg social media. Hindi lahat ng nararamdaman ay maaaring ibahagi sa social media lalo na kung ito ay personal. Gamitin ang wika batay sa nais nito ipahayag sa tamang paraan.

**Susing Salita:** Antas ng Wika, Facebook Status Update, Gamit ng Wika, Kilos, Kultura, Pagpapahalaga, Paniniwala, Wikang Filipino

## INTRODUKSIYON

Isa sa mga pinakamabilis na paraan upang ibahagi ang ating sariling saloobin ay sa paggamit ng social media, isa na rito ang paggamit ng facebook. Batay sa magasin na PhilStar, [1] 63% ng kabuuan ng populasyon ng Pilipinas- ay social media savvy at gumagamit ng internet kahit ito'y mabagal. Kaya naman pang-12 ang Pilipino sa Top 20 internet users sa

buong mundo. Ito ang resulta ng bagong ulat na inilabas ng Internet World Status" ranking kung saan pang-15 ang Pilipinas - o tatlong pwestong mas mababa- noong nakaraang taon. Ibinase ng Internet World Stats" ang kanilang datos mula sa Internatonal Telecommunications Union at sa Facebook Inc. Nangangahulugan ito na halos lahat ng mga Pilipino ay may facebook account at nagbabasa ng kung anong mga nakalagay sa mga posts.

Sa bawat *facebook post, photo, note, like, share* o anumang update sa *news feed* ay dahan-dahan na pagbubukas ng pribadong buhay sa malawak na mundo ng *online*. Sa mundong ito, nananatili at iniimbak ang mga datos at tila may sariling buhay ang pagkalat ng impormasyon o ng simpleng status sa maraming sulok [2]. Libo-libo ang mga taong gumagamit ng *facebook* bilang kanilang pangkomunikasyon at talaan ng kanilang nararamdaman at karanasan sa araw-araw. Sa naitalang estatistika mula 2008 hanggang 2018 mayroon 2.27 bilyon na gumagamit ng *facebook* [3]. Dahil sa *facebook* tayo ay maaaring gumawa ng propayl, mag-upload ng mga larawan at mga palabas, magpahataid ng mensahe ang magkaroon ng koneksyon sa mga kaibigan, pamilya at katrabaho. Dahil sa *facebook* nalalaman mo kung ano ang ganap sa buhay ng isang tao na iyong kaibigan sa *facebook*. Kung gayon, pinaniniwalaan na may impluwensiyang dulot ang *facebook* sa iba't ibang sektor ng lipunan. Ayon nga kay Dy at Malunog [4] sinabi niya na ang *social media* ay nakakaapekto sa relasyon ng bawat tao. Ang sobrang oras sa social media ay nagiging daan para magkaroon ng *social displacement* ang isang tao. Mas maraming oras na ginugugol mo sa *social media*, kulang ang oras mong makipagsalamuha sa ibang tao. Sinuporatahan ito ni Hall [5], sinabi niya na may mga *cultural beliefs* na napapalitan o nababago ng *social media*, halimbawa nito ay ang sa halip na mag-usap ng harapan at magkaroon ng interaksyon pisikal para magkaroon ng kalidad na oras ang pamilya o ang kaibigan ay hindi nangyayari dahil wala ng oras. Ayaw nang makipagkita ng harapan at nangyayari na lamang ito dahil sa *social media*.

Ang *social media* ay parehong may positibo at negatibong impak sa tao. Maaaring ito ay magandang dulot halimbawa ang pagkakaroon ng bagong kaibigan, subalit may maaaring negatibong epekto rin ito. Ilan sa mga negatibong epekto nito ay ang hindi tamang pagtulog, depresyon, at ang mailagay ang isang tao sa mapanganib na sitwasyon. Alam natin na ito ay isang paraan para maipakita an pagiging malikhain ng isang tao lalo na ang mga tinedyer subalit masasabi natin na mayroon naman itong balakid na maibigay sa kanila. Kadalasan, ang mga gumagamit ng social media ay nakakaranas ng *cyber bullying*, minsan nakakatagpo sila ng rasista, *sexist*, *homophobic* at ang mga ayaw ng mga nakikita at nababasa sa *social media*.

Ang mass media ay nagdudulot din ng malaking pagbabago sa wika at kung paano ito pinoproseso gamit sa pakikipag-ugnayan. Samakatuwid, gumagawa ito ng epekto sa mga proseso ng komunikasyon, pakikipag-

ugnayan, at transaksyon sa pang-araw-araw na gawain ng mga gumagamit nito. Mapapansin din na kadalasang mababasa sa *social media* ay hindi nasusunod ang tamang pamantayan sa paggamit ng wika. Kung gayon malaki ang nagiging impluwensiya ang *social media* sa pagbago ng paraan sa paggamit ng wikang Filipino.

Dahil dito ninanais ng pag-aaral na ito na malaman ang kulturang nakapaloob sa mga status na binabahagi ng *social media* lalo na sa paniniwala, pagpapahalaga, at asal o kilos ng isang tao. Layunin din nitong masuri ang gamit ng wikang Filipino sa mga *status update*. Aalamin din sa pananaliksik na ito ang kalagayan ng gamit ng wikang Filipino. Mahalaga na mabigyang-tuon ang wikang ginagamit at nagsisilbing daluyan ng komunikasyon lalo na sa *social media*.

### LAYUNIN NG PAG-AARAL

Layunin ng pananaliksik na matukoy ang kulturang nakapaloob sa mga *facebook status* ayon sa: paniniwala, pagpapahalaga, asal o kilos; matukoy ang gamit ng wikang Filipino sa mga *facebook status update* at malaman antas ng wikang ginamit sa *status update*.

### PAMARAANG GINAMIT

Natilyak sa pag-aaral na ito ang kultura at wikang Filipino sa mga *Facebook Status Update*, taong 2019-2020. Ginamit ang disenyong dokumentari-analisis sa pagkuha ng mga datos. Nagsagawa rin ng pakikipanayam sa mga taong gumagamit ng *facebook* gamit ang interbyu iskedyul. Isang rubrik ang ginamit para matukoy ang mga nakuhang dokumento. Ang kalahok sa pag-aaral ay mga kaibigan ng mananaliksik sa *facebook*. Ang mga nasuring "posts" ay ang nakalathala sa *facebook* ng mga mananaliksik sa loob lamang ng 2 linggo. Ang *posts* lamang sa oras ng 1:00-3:00nh ang sinuri.

Saklaw nito ang mga kulturang paniniwala, pagpapahalaga, at asal o kisol na nakapaloob sa Facebook status o posts.

### MGA NATUKLASAN

Inilahad dito ang pagsusuri at interpretasyon ng mga datos na nakuha ukol sa kultura at Wikang Filipino sa mga *facebook status update*, taong 2019-2020. Kulturang nakapaloob sa mga *facebook status* ayon sa paniniwala, pagpapahalaga, at pag-uugali o kilos ng isang tao.

Makikita sa Talahanayan 1 ang kulturang nakapaloob sa mga *facebook status* na palagiang nababasa mula sa mga naging kalahok. Iba- ibang

kultura ang makikita mula sa mga post ayon sa paniniwala.

**Talahanayan 1. Mga Kulturang Nakapaloob sa mga Facebook Statu s Ayon sa Paniniwala.**

Paniniwala	Kabuuang Bilang	Ranggo
Pampasuwerteng mga larawan	5	5
Chain Message	10	3
Mahalagang gampanin ng mga halamang gamot na panlunas sa mga karamdaman	8	4
Kaugaliang sinauna gaya ng paniniwala sa mga multo o ano-ano pang mga elementong pinaniniwalaan	0	-
Pagbabahagi ng panrelihiyon	12	2
Pagdiriwang ng mga okasyon na may kaugnayan sa paniniwala	38	1
Nagpapahayag ng nararamdaman	0	-
Paniniwalang mas angat ang lalaki sa kababaehan	1	6

Makikita sa talahanayan na nangunguna sa mga status *facebook post* na nasuri ng mananaliksik ay lumalabas na tumutukoy ito sa pagdiriwang ng mga okasyon na may kaugnayan sa paniniwala ayon ito sa sagot ng 38 na kalahok. Iba-ibang mga okasyon ang ibinabahagi sa mga post tulad ng kaarawan, pagsasalusalalo., binyagan at marami pang iba.

Ang pinakahalimbawang *post* na palagiang ibinabahagi ay ang pagdiriwang ng kaarawan. Ito’y maaaring kaarawan ng mismong may-ari ng facebook account, o dili kaya’y kaarawan ng kanyang mga kaibigan at kapamilya.

Batay sa mga larawang sinuri na ipinapaabot ng isang kaibigan ang kanyang pagbati sa kaibigang nagdiriwang ng kanyang kaarawan. Kadalasan ang mga *post* ay mga kuhang larawan na nakaimbak sa mga *gallery* ng kanilang telepono kapag ang isang kaibigan ay nagpapaabot ng kanyang pagbati. Maaaring ang mga larawan ay nakakatawa, mga hindi malimutang kuha na minsan kasama siya. Hindi nila ito nakakalimutan sapagkat madalas na ang *facebook* ay nag-aabiso sa kung sino ang may kaarawan batay ito sa profile na isinumite sa *app*.

Batay sa ulat ni Ohlheiser [6], sinimulan ng *facebook app* na subukan ang isang feature upang mas hindi mo “makaligtaan” ang mga kaarawan ng iyong pinakamalapit na kaibigan sa pamamagitan ng pagpapakita ng isang abiso na nagpapahayag ng patungkol sa kaarawan ng kaibigan.

Sinundan ito pagbabahagi ng mga post tungkol sa relihiyon na mayroong 12 na bilang kalahok ang sumagot. Mapapansin na ang mga Pilipino ay mahilig na magbahagi ng kanilang paniniwalang panrelihiyon.

Makikita sa larawan ang mga imahen ng mga santo at santa na ibinahagi ng isang *facebook user*. Kadalasan ding makikitaan ng pagbibigay lakas at paghihikayat upang manalig sa Maykapal. Ito ay may paanyaya na ang sinumang makakakita ay magbigay ng kanilang komento at panalangin para sa kaligtasan at kabanalan. Mga gawaing may kinalaman sa relihiyon at paniniwalang panrelihiyon. Patunay lamang ito ng pagiging relihiyoso ng mga Pilipino sinuman o anuman ang kanilang sinasamba [7].

Ang pagbabahagi ng sariling pananalig sa *online* o pakikipag-ugnay sa nilalaman na batay sa pananampalataya ay hindi pangkaraniwan, lalo na sa *Facebook*, kung saan ang mga teknolohikal nadaluyan na ito ay nakakatulong sa malawak nna komunikasyon ng mga hangarin at gawain ng relihiyon [8].

Ipinapakita rin sa mga larawang sinuri ang paghingi ng proteksyon mula sa Panginoon ng *facebook user*. Dito ipinapakita na ang pananalig ay isang pagpapahalaga na hindi matutumbasan ng anumang bagay. Ipinapakita rin sa larawan na sa lahat ng oras at pagkakataon ay matatag ang paniniwala ng isang tao at paniniwalang hindi kailanman sila pababayaang Diyos. Isang mahalagang kasangkapan sa buhay ang relihiyon at paniniwala. At sa pananampalatayang ito kumakapit ang isang tao.

Nabanggit din ni Yabut [9] na kilala ang mga Pilipino sa pagiging rehiliyoso. Madalas na iugnay ang pagiging relihiyoso sa pagiging ispiritwal. Ang ispiritwalidad ay tumutukoy ito sa kaugnayan ng ating sarili sa isang mas mataas sa atin at sa ibang tao at hindi rin mahiwalay ang ispiritwalidad sa relihiyon.

Makikita rin sa mga post na sinuri ang tungkol sa mga paniniwalang naidudulot ng mga *chain message* mula ito sa sagot ng walong (8) kalahok.

Napapaniwala ang isang tao batay sa larawan na makararanas sila ng mabuti kapag sinunod at hindi mabuti kung hindi sinunod ang nakapaloob na mensahe rito, sapagkat ito may kaakibat na biyaya o kaparusahan. Dito ipinapakita na kailangan hindi mahinto at kailangang maipagpatuloy ang mga mensahe upang hindi malasin ang sinuman. Ang paniniwalan ito ay may hatid na kabutihan sa iba samantalang sa iba naman ito ay kabalintuanan.

Iba pang mga kulturang nakapaloob sa mga *facebook post* ayon sa paniniwala ay ang may mahalagang gampanin ng mga halamang gamot na

panglunas sa mga karamdaman, ang tungkol sa mga pampaswerteng mga larawan at ang paniniwalang mas angat ang lalaki sa kababaihan batay ito sa sagot ng 8, 5, at 1 kalahok ayon sa pagkakasunod-sunod.

**Talahanayan 2. Mga Kulturang Nakapaloob sa mga Facebook Status Ayon sa Pagpapahalaga.**

Pagpapahalaga	Kabuuang Bilang	Ranggo
Nagpapakita ng magandang samahan ng pamilya	10	5
Mabuting kaugalian at paggalang sa mga nakakatanda	3	9
Paggalang sa mga babae sa lalaki (vise versa)	1	10.5
Pagpugay sa mga kababaihan	9	6
Karapatang pangkasarian	21	4
Karapatang pantao	30	3
Pag-alala sa mga mahahalagang okasyon	49	1
Nagpapakita ng pagpapahalaga sa isang tao	31	2
Pagpapahalaga sa sarili	6	8
Pagpapahalaga sa nakaraang bagay o karanasan	1	10.5
Pagbati sa nakamit ng kapwa	7	7

Sa Talahanayan 2 makikita ang kulturang nakapaloob sa mga facebook status ayon sa pagpapahalaga.

Makikita na 49 na mga *facebook status post* na nasuri ang lumalabas na ito ay makikitaan ng pag-alala sa mahalagang okasyon. Mapapansin na ang mga Pilipino ay mahilig sa mga iba't ibang mga okasyon at kanila itong pinagdiriwang sa anumang paraan at kakikitaan sa kung anong antas ng pamumuhay ito napapabilang. Isang kaugaliang pagkakakilanlan ng mga Pilipino ay ang pagiging likas na masayahin at ang pagkahilig nito sa mga selebrasyon [10]. Mapapansin na ang mga gumagamit ng *facebook* aplikasyon ay ginagamit nila ito upang bigyan ng mahalagang pansin o oras ang mga mahahalagang okasyon na may kaugnayan sa kanila. Pinapakita rin dito kung gaano kahalaga ang nasabing okasyon mula sa mga nakapaloob na mensahe rito. Ipinapakita rin dito ang pagiging mahilig ng mga Pilipino sa pagdalo at pagdiriwang ng anumang okasyon upang libangin ang kanilang sarili. Minana natin ito sa ating mga ninuno sapagkat noon pa man kakikitaan nang iba't ibang okasyon na ipinagdiriwang ng mga Pilipino. Patunay ito na likas na masayahin ang mga Pilipino kahit na nga humaharap tayo sa mga pagsubok.

Ipinapakita rin sa mga post ang pagpapahalaga ng isang tao sa kapwa, batay ito sa 31 na *facebook status*. Nabanggit ni Gayare [11] sa kanyang pag-aaral na ang sinaunang kultura ng mga Pilipino ay ang pagiging palakaibigan at pagpapahalaga sa pakikipag- ugnayan. Kung gayun ang *facebook* ay isang instrumento o isang paraan na ginagamit ng mga Pilipino upang muling ipakita ang kanilang pagpapahalaga sa ibang tao at ang kanilang pag- alala sa mga ito kahit gaano man sila kalayo o kalapit sa isa't isa.

Ang *facebook status* ay isang paraan upang ipadama ang pagpapahalaga sa isang tao batay sa mga paalala at mga mensaheng may kaugnayan sa kaligtasan at pagpapakita ng pagpapahalaga sa isang tao. Batay sa mga kuhanang larawana'y mapapansing kung gaano nais nilang pahalagahan ang kapwa lalo na sa usaping kaligtasang pangkalusugan. Sinundan ito ng pagpapahalaga sa karapatang pantao ayon sa sagot ng 30 na kalahok. Ang *social media* ay nagsisilbing isang lugar sa paglulunsad ng iba't ibang gawain o programang naipapakita ang mga karapatang pantao. Maaari itong magamit bilang isang malakas na daluyan para sa pagpapahayag ng opinyon ng mga tao sa iba't ibang pagkakataon. Sa milyun-milyong gumagamit, ang *social media* ay madaling magamit upang ang mga ideya at opinyon ng isang tao ay maipaabot. Hindi lamang ito nakatulong sa sirkulasyon ng mga pananawagan at ideya upang hatulan ang mga paglabag sa karapatang pantao ngunit nakatulong din sa paglikha ng kamalayang pantao at nag-udyok sa marami pang kampanya upang maiwasan ang mga paglabag sa karapatang pantao [12].

Nagpapatunay na ang social media lalo na ang mga *facebook status* ay isang paraan upang mapalawig ang iba't ibang uri ng karapatang pantao. Ito rin ay isang paraan upang ipagdiwang ang iba't ibang okasyon na nagpapakita ng karapatan at tunguhin ng isang tao. Lunsaran din ito upang maipabatid an kalayaan na maipakita ang kanilang karapatan sa iba't ibang pagkakataon.

Ilan pang papapahalagang nakita sa mga *facebook posts* ay ang karapatang pangkasarian, nagpapakita ng magandang samahan, pagpugay sa mga kababaihan, pagbati sa nakamit ng kapwa, pagpapahalaga sa sarili, mabuting kaugalian at paggalang sa mga nakakatanda, paggalang sa mga babae sa lalaki (*vise versa*), at pagpapahalaga sa nakaraang bagay o karanasan batay ito sa sagot 21, 10, 9, 7, 6, 3, at 1 kalahok ayon sa pagkakasunod-sunod.

Ang talahanayan ito ay nagpapakita ng mga post sa *facebook status* sa kung ano ang mga saloobin nila.

Ipinapakita rin dito ang mga saloobing nadarama sa isang partikular na bagay at maging sa anumang pagkakataon.

Ang pagpapahayag ng nararamdamanang nangungunang kulturang nakapaloob sa mga *facebook status post* ayon sa kanilang pag-uugali o kilos. Mula ito sa *post* na 140. Ibig sabihin mahilig ang mga taong magbahagi ng kanilang saloobin o nararamdaman patungkol sa iba't ibang bagay at pangyayari sa kanilang buhay. Ang *facebook* ay nagsisilbing salamin ng pagkatao ng gumagamit nito dahil sa kanyang mga ibinabahagi.

**Talahanayan 3. Ang Kulturang Nakapaloob sa mga Facebook Status Ayon sa Pag-uugali o Kilos ng Isang Tao**

Pag-uugali o Kilos	Kabuuang Bilang	Ranggo
Paggamit ng po at opo sa pahayag	-	-
Pagpubliko ng mga pamribadong mga impormasyon o Gawain	8	5
Pagpapahayag ng di maganda sa kapwa	5	6
Nagpapakita ng mga gawi ito man masama o mabuti	12	4
Nakikipag-away o nagpaparinig sa kapwa	79	2
Pagbabahagi ng mga sekswal na mga mensahe o larawan	3	8
Pagpapahayag ng nararamdaman	140	1
Pagbibigay kaalamanan	4	7
Paghahanap ng kasagutan	1	9.5
Pagpapahayag ng maganda sa kapwa	17	3
Paghingi ng tawad	1	9.5

Isang makabagong paraan ng pagpapahayag ng nararamdaman sa pagbabahagi ng *facebook post*. Batay sa mga larawang sinuri, makikita kung paano ipinapakita ng taong may-ari ng *account* ang kanyang nararamadaman na maaaring masaya, malungkot, at maging ang iba pang uri ng pakiramdam. Maaari rin itong patungkol sa kanyang sarili o anumang bagay na may kaugnayan sa kanya. Ang mga ibinabagi ay maaaring magkaroon ng malaking epekto sa mga nakakabasa at nakakakita ng ganitong *post*. Ang mga *post* at komento na ibinahagi sa *social network site* ay makikita bilang mga tala ng isang tradisyunal na talaarawan o *journal*, sa kahulugan na maaari nilang ipakita ang mga panlasa, saloobin, pag-uugali, at paniniwala ng mga gumagamit [13].

Nagpaparinig o nakikipag-away sa kapwa ang may

pangalawang may mataas na bilang ng sumagot, 79. Nangangahulugan ito na ang mga *facebook status post* na nagpapahayag ng nararamdaman ay maaaring magkaroon ng malaking epekto sa mga taong nakakita nito kahit hindi ito direkta para sa taong nakabasa nito. Sabihin na na ang *facebook* ay nagagamit upang magpahayag ng nararamdaman ng gumagamit nito kailangan pa ring maging malay sa kung ano ang ibinabahagi.

Nabanggit nga ni Kramer [14], ang mga pagpapahayag ay maaaring makaapekto sa iba sa pamamagitan ng emosyonal na pagbagsak, ang pagkalat ng emosyonal na mga ekspresyon sa isang *social network* mula sa isang tao patungo sa isa pa sa isang pagkakasunud-sunod ng mga parehong mga naka-*post* na *social media post*. Sinundan ito ng pagpapahayag ng maganda sa kapwa. Naipapahayag mo dito ang kagandahang nagawa ng isang tao o kaya naman ay ang kagandahang magagawa mo sa isang tao.

Katulad ng makikitang larawan na nagpapakita ng magagandang ekspresyon ng pagpapahayag sa kapwa. Mga magkakaibigang ipinapadama ang kahalagahan ng bawat isa. Ang sayang makikita sa kanilang mga mukha. Ibig sabihin lamang nito na malayang naipapahayag natin ang ating magandang nararamdaman. Batay nga sa resulta ng pag-aaral nina Reyes et al. [15], ang mga nag-aaral na nasa edad-gitnang mga Pilipino ay nagpapahayag ng kanilang damdamin at inililipat ang damdamin nila sa mga nilalaman ng kanilang mga *post* sa *facebook*.

Batay rin sa pag-aaral nina Bryant at Marmo [16], kilala ang *Facebook*, madalas na ginagamit, at pinahihintulutan ang mga palitan ng argumento sa pagitan ng mga indibidwal sa anyo ng mga *facebook update*, mga puna sa mga *post* ng ibang tao, pribadong pagmemensahe, otalakayan ng pangkat. Ibig sabihin malayang pinapayagan ng *facebook* ang pagbabahagi kahit anong *facebook status*. Ngunit kailangan pa rin sumunod sa mga patakaraan patungkol dito. Sinusuri pa rin ng *facebook* ang mga *post* batay sa kanilang pamantayan.

May ilan pa rin mga kulturang nakapaloob sa *facebook posts* na tumutukoy sa pag-uugali o kilos tulad ng nagpapakita ng mga gawi ito man ay masama o mabuti, pagpubliko ng mga pamribadong mga impormasyon o gawain, pagpapahayag ng di maganda sa kapwa, pagbibigay kaalaman, pagbabahagi ng mga sekswal na mga mensahe o larawan, paghahanap ng kasagutan at paghingi ng tawad batay ito sa sagot ng 12, 8,5,4,3 at 1 kalahok ayon sa pagkakasunud-sunod.

**Talahanayan 4. Gamit ng Wikang Filipino sa Facebook Status**

Gamit ng Wika	Kabuuan	Ranggo
<b>INTERAKSYONAL</b> (Pagpapatatag ng relasyong sosyal)	96	2
<b>INSTRUMENTAL</b> (Pakikiusap o paguutos)	18	7
<b>REGULATORI</b> (Paggabay sa kilos o asal ng ibang tao)	62	4
<b>PERSONAL</b> (Pagpapahayag ng sariling damdamin o opinion)	92	3
<b>IMAHINATIBO</b> (Pagpapahayag ng imahinasyon o sa malikhaing paraan)	29	5
<b>HEURISTIK</b> (Paghahanap o paghingi ng impormasyon)	21	6
<b>IMPORMATIBO</b> (Pagbibigay impormasyon)	110	1

Makikita sa talahanayan 4 ang gamit ng wikang Filipino sa mga *facebook status update*. Ang gamit ng wika sa *facebook status* ay binatay sa binigyang-diin sa pag-aaral ni Halliday na nabanggit sa aklat ni Dayag [17], ang pagkakatagorya sa wika batay sa mga tungkuling ginagampanan nito sa buhay . Ang pitong (7) tungkulin ng wikang tinutukoy ay binigyan ng mga halimbawang madalas na gamitin sa pasalita at pasulat na paraan: ang interaksyon, instrumental, regulatori, personal, imahinatibo, heuristic, at impormatibo. Ang nabanggit na tungkulin ng wika ay ginamit din sa pagsusuri ng gamit ng wika sa mga *facebook post*.

Nanguna ang impormatibo gamit ng wika ang pagbibigay ng impormasyon na may bilang na 110 ang sumagot. Ito ay nangunguhulugan na ang mga *facebook status* na ibinabahagi ng mga gumagamit nito ay nagbibigay impormasyon sa mga kapwa gumagamit ng *facebook*. Kung kaya't may malaking gampanin ang mga *facebook post* sa mga bagong karagdagag kaalaman na maaaring makuha mula sa mga post na mababasa. Halimbawa na lamang ang makikita sa mga larawan sa ibaba. Ipinapatid nito ang mga impormasyon nangyari na o maaaring mangyayari pa lamang. Dahil dito nagkakaroon ng sapat na kaalaman ang isang tao na nakakita o nakabasa ng nasabing *post*. Batay sa pag-aaral ni Baraun,<sup>[18]</sup> nais ng *social media* katulad ng *facebook, twitter, skype* atbp. na ginagamit ng malawakan para sa layunin ng komunikasyon. Isa sa pinakamahalagang bentaha ng paggamit ng *social media* ay ang online na pagbabahagi ng kaalaman at impormasyon sa iba't ibang mga pangkat ng mga tao.

Ayon din nga kay Crystal [19], ginagamit ang wika upang ito ay magbigay ng bagong impormasyon. Ito ay

maaaring nakasalalay sa katotohanan at halaga. Impormatibo sapagkat ito'y naghahatid ng kabatiran at ginagamit upang gumawa ng ilang bisa o epekto. Minsan rin ito'y ginagamit upang magpahayag ng natatanging damdamin ng nagsasalita upang magbunsod ng ilang madamdaming tugon mula sa nakikinig.

Mula sa sagot ng 96 na kalahok, interaksyonal din ang gamit ng wika sa mga *facebook status*. Ito ay pagpapatatag ng relasyong sosyal. Ginagamit ang wika upang mapanatili ang pakikipagkapwa-tao. Kaya't karamihan sa mga post sa *facebook* ay makikitaan ng pakikipag-kapwa at pagpapanatili at pagpapatatag ng relasyon sa bawat isa.

Dapat matutuhan ng mga tao ang iba't ibang uri ng gamit ng wika kung nais nilang makisalamuha nang mahusay sa iba. Nangangailangan dito ang matagumpay na interaksyon, nang watong pag-uugali, wastong pagsasabi sa wastong paraan at paggawa ng mga bagay-bagay ayon sa kanilang kinagwaian. Sapagkat ito ang ginagamit para sa pakikipagkapwa at pakikisalamuha. Ang pagpapili ng wikang gagamitin ay mahalaga. Kailangan ito tandaan maging ang mga salitang ginamit ay bernakular o anupamang wika <sup>[20]</sup>.

Nabanggit din ni Cohen [21], ang layunin nito ay upang mapanatili ang panlipunan relasyon sa mabuting pag-aayos, o ng pagpapanatili ng kohesion sa loob ng mga pangkat ng lipunan. Ang halimbawa nito ay sa pagbati (pagbubukas ng pag-uusap), pagpapakilala, paalam at regular na magalang na mga tanong.

Nasa ikatlong ranggo sa gamit ng wikang Filipino sa *facebook status* ay personal. Pagpapahayag ng sariling damdamin o opinyon sa paksang pinag-uusapan. Gamit ng wika para ipahayag ang katauhan ng isang tao, at alam ng bawat isa na bahagi ng kanyang katauhan ang wika. Sa mga larawang makikita, ipinapahayag nila ang kanilang saloobin maging ito man ay negatibo o positibo. Binibigyan din ng komentong personal ang post na nakita o nabasa.

Ang *social media* ay isang *virtual space* upang maipahayag ng mga tao ang kanilang sarili. Kung ito ay isang *facebook status, twitter update*, mga larawan sa *Instagram* ... lahat ito ay mga pagpapalawig ng ating pagkatao. Tumutulong ito sa paglalarawan ng ating mga gutso, pananaw at ipakita sa mga tao kung sino tayo. Ito ay isandaan upang maging tayo sa ating sarili, maging malikhain, maging sino ang nais nating maging at pinakamahalaga, magkaroon ng isang madla para sa lahat ng ito [22].

Ginamit din sa *facebook post* ang gamit ng wika bilang regulatori o paggabay sa kilos o asal ng ibang

tao, imahinatibo o pagpapahayag ng imahinasyon o ang malikhaing paraan ng pagpapahayag, heuristik o paghahanap o paghingi ng impormasyon, at instrumental o pakikiusap o pag-uutos batay sa sagot ng 62, 29, 21, at 18 na kalahok ayon sa pagkakasunodsunod. Mababasa sa post na ang gamit ng wika ay ang batayan ng kaalaman sa iba-ibang pagkakataon. Ginagamit ang wika bilang kagamitan sa pagkatuto ng mga kaalaman at pang-unawa. Ika nga, ginagamit ang wika para malaman ang mga bagay sa daigdig.

### Antas ng wika sa mga Facebook Status

Lumabas sa pagsusuri ng mananaliksik na ang antas ng wika sa mga facebook status ay impormal. Ang kadalasang post na mababasa ay may mga salitang karaniwan, palasak at pang-araw-araw na madalas gamitin sa pakikipag-usap at pakikipagtalastasan sa mga kakikilala at kaibigan. Ilang halambawa nito ay ang paggamit ng balbal o slang tulad ng: *bebs, boi, chong, erpat, at tsismisito* ay mga salita sa isang wika ng isang partikular na pangkat ng tao o lipunan. Ang *lodi, syota, ulol, baliw* ang tinutukoy ay mga salitang kalye o salitang kanto. At *jowain, jowa, chos, at selp* mga salitang nabuo o nalikha sa impormal na paraan. Mga salitang nabuo sa mga pinagsasama o pinagdudugtong na salita. Narito po ang mga larawang kakikitaan ng mga salitang balbal.

Natuklasan din na dahil sa hindi mapigilan ang pagbabago ng wika at walang masama kung makiuso ang tao, nagkakaroon ng *code switching* sa paggamit ng wika. Sinang-ayunan ito ng natuklasan sa pag-aaral ni Pati (2019)<sup>[23]</sup>, ang kadalasan na ginagamit na wika sa *social media* ay ang paggamit ng *code switch* o pagsasalitan ng paggamit ng dalawa o higit pa na wika. Ito ay dahil maraming gumagamit ng *social media* sa buong mundo kung kaya't naghahalo ang mga wikang ginagamit. Ngunit kung ang tamang pagaybay ay baguhin hindi na ito nakakabuti sa isang katha o komposisyon. Hindi na natin magagawang maging istandardisado ang wika. Ibig sabihin ang antas ng wika na itinuturing na pamantayan dahil sa ito'y kinikilala, tinatanggap at ginagamit ng karamihang nakapag-aral sa wika ay unti-unti ng maglalaho dahil sa napalitan na ito.

### KONGKLUSYON AT REKOMENDASYON

Batay sa nalikom na datos, natuklasan ang mga sumusunod: Iba't ibang kultura ang nakapaloob sa mga *facebook status posts* ng mga kabataan sa ngayon batay sa paniniwala, pagpapahalaga at pag-uugali o kilos. Ang gamit ng wika sa mga facebook status ay

impormal, interaksyonal, personal, regulatori, imahinatibo, heuristic at instrumental. Impormal na antas ng wika ang madalas gamitin sa mga facebook status.

Inirerekomenda ang sumusunod: Maging daan ang makabagong teknolohiya lalo na sa *social media* upang lalong pagtibayin at pagyamanin ang kulturang Filipino. Maging mapanuri at magkaroon ng pananagutan sa mga ibinabahaging mga *facebook status* at sa iba pang mg *social media*. Hindi lahat ng nararamdaman ay maaaring ibahagi sa social media lalo na kung ito ay personal. Gamitin ang wika batay sa nais nitong ipahayag sa tamang paraan.

### TALASANGGUNIAN

- [1] Pinas pang-12 sa top internet users sa buong mundo (2018, Hulyo 11). *Pilipino Star Ngayon*. Retrieved from <https://www.philstar.com/pilipino-star-ngayon/bansa/2018/06/11/1823677/pinas-pang-12-sa-top-internet-users-sa-buong-mundo>
- [2] Bahague, R. (2014, Hulyo 19). Status update: Social Media at mapanghimasok na eksperimento ng Facebook sa ating News Feeds retrieved from <https://www.bulatlat.com/2014/07/09/status-update-social-media-at-mapanghimasok-na-eksperimento-ng-facebook-sa-ating-news-feeds/>
- [3] Clemente, J. (2019, Nobyembre 15). Global number of Facebook users 2015-2020 retrieved from <https://www.statista.com/statistica-com...facebookusersworldwide2018/statistica>
- [4] Dy, M. & Maglunog, P. (2019). Facebook Usage and Depression Levels of Selected Filipino College students, *International Journal of Psychology and Educational Studies*, 6 (2).
- [5] Hall, J. A., (2013). Impression Management and Formation on Facebook: A Lens Model Approach, *New Media and Society* 16 (6).
- [6] Ohlheiser, A. (2015, Nobyembre 19). Facebook is making it harder for you to „forget“ your friends“ birthdays retrieved from <https://www.washingtonpost.com/news/the-intersect/wp/2015/11/19/facebook-is-making-it-harder-for-you-to-forget-your-friends-birthdays/>
- [7] del Castillo, F., del Castillo, C.D., Aliño, M.A., Nob, R., Ackert, M., Ching, G. (2020). Validation of the Interreligious Forms of the Centrality of Religiosity Scale (CRSi-7, CRSi-14, and CRSi-20): Salience of Religion among Selected Youth in the Philippines. *Religions* 11, 641. <https://doi.org/10.3390/rel11120641>
- [8] Helland, C. (2012, May 14). Scholar's top5: Christopher Helland on Online religion and religion online (Network for New Media Religion and Digital Culture Studies) [Blogpost]. Retrieved from

- <http://digitalreligion.tamu.edu/blg/mon-05142012-1132/scholar%E2%80%99s-top-5-christopher-helled-online-religion-and-religion-online>.
- [9] Yabut, H (2013). Isang Paglilinaw sa mga Paniniwala at Pagpapakahulugan sa Ispiritwalidad at Relihiyon ng mga Pilipino. *DIWA E-Journal*.1.43-60
- [10] Reyes, K. A. at Bullecer, M. F. (2016). Karanasan at Konsepto ng Panata ng Kapistahan ng ilang Pamilyang Pilipino sa Lucban, Quezon. *The Bedan of Psychology*. Volume II. 133-141
- [11] Gayares, J. (2012), *Social Network sa Pilipinas: Isang Kultural na Pagtanaw sa Facebook at Pakikipag-ugnayan ng mga Filipino*. Dalumat Ejournal.Vol 3 no. 2.141 - 149
- [12] Lukose, L. & Mathur, A. (2019). *Human Right and Social Media*.
- [13] Sinn, D., & Syn, S. Y. (2013). Personal documentation on a social network
- [14] Kramer, A. D. I. (2014). The spread of emotion via facebook. In Proc. CHI 2012, ACM Press.
- [15] Reyes, R.J.V.D. & Vera, K.M.L. & Medriano, Ramon Jr. (2018). The functions of language in facebook posting. *Asian EFL Journal*. 20. 196-206.
- [16] Bryant, E. M., & Marmo, J. (2012). The rules of Facebook friendship: A two-stage examination of interaction rules in close, casual, and acquaintance friendships. *Journal of Social and Personal Relationships*, 29, 1013-1035. doi: 10.1177/0265407512443616
- [17] Dayag, A.M., del Rosario, M. G. G., Pinagyamang Pluma: *Komunikasyon at Pananaliksik sa Wika at Kulturang Pilipino*.927. Quezon Ave., Quezon City: Phonix Publishing House Inc.
- [18] Baruah, T. D. (2012), Effectiveness of Social Media as a tool of communication and its potential for technology enabled connections: A micro-level study. *International Journal of Scientific and Research Publications*. Volume 2, Issue 5. 1-10. [http://www.ijsrp.org/research\\_paper\\_may2012/ij\\_srp-may-2012-24.pdf](http://www.ijsrp.org/research_paper_may2012/ij_srp-may-2012-24.pdf)
- [19] Crystal, D.(2005). *How Language Works: How Babies Babble, Words Change Meaning, and Languages Live or Die*. Woodstock, NY: Overlook Press
- [20] Narcis, M. (2017). "Functions of Language and Elements of Poetry". Oxford: Oxford University Press.
- [21] Cohen, A. D. (2005). "Strategies for learning and performing L2 speech acts." *Intercultural Pragmatics* 2(3).
- [22] Graciyal, G. (2018). *Freedom of Expression in Social Media: A Political Perspective*.
- [23] Pati, E.C. (2019). *Epekto ng Paggamit ng Social Media sa Paggamit ng Wika*.10.13140/RG.2.2.19338.82886.

#### COPYRIGHTS

Copyright of this article is retained by the author/s, with first publication rights granted to APJMSD. This is an open-access article distributed under the terms and conditions of the Creative Commons Attribution license (<http://creativecommons.org/licenses/by/4>).